

Maging Papanuri, Mapagmasid
at Mapag-Analisa...

Mag **IPM** na!

Ang susi sa mas mataas na ani at kalidad ng
produkto:

- tamang pagpili ng binhi na matibay sa
peste at sakit,
- pagpapanatiling malinis ng bukirin
- wastong pamamaraan ng pag-aalaga at
paglalagay ng pataba; at
- tamang pagtukoy ng peste at paano ito
maiwasan o masusugpo.

Iwasan na natin ang paggamit ng kemikal na
pestisidyo kung di naman kinakailangan. Mas
malinis na kapaligiran at mas ligtas na
sambayanan ang unang nating isaisip.

Lubos na nagpapasalamat ang ATI-
Region IVA sa tulong teknikal na pinag-
kakaloob ng Regional Crop Protection
Center (RCPC).

Para sa karagdagang kaalaman ukol sa
wastong pag-iwas at pagsugpo ng
mga peste at sakit, maari kayong
sumangguni sa:

Department of Agriculture
Regional Crop Protection Center
Economic Garden, Los Baños, Laguna
Tel. no. +63(49)536-1905


Department of Agriculture
Agricultural Training Institute-
Region IVA
UPLB, College, Laguna

COPYRIGHT 2008
KNOWLEDGE AND MANAGEMENT UNIT

Phone: +63(049)536-3263
Fax: +63(049) 536-5600
E-mail: atintc_uplb@yahoo.com
Website: www.ati.da.gov.ph/calabarzon



Integrated Pest Management: *Mga Mahahalagang Konsepto*



Tel. no.: 049536-3263 and
536-5600

ANG MGA MAHAHALAGANG KONSEPTO NG IPM

Sa bisa ng Department of Agriculture Special Order no. 495 noong 1987 at ng Memorandum Order no. 126 (KASAKALIKASAN) noong Mayo 1993, pinagtibay ng ating pamahalaan ang **INTEGRATED PEST MANAGEMENT** bilang isang pambansang alituntunin sa pangangalaga ng pananim lalo't higit ay ang palay.

MGA LAYUNIN

1. Ang pangunahing layunin ay matulungan ang mga magsasaka na makapagdesisyon kung anung gagawin sa kanyang taniman. Ang isa sa maaaring gamitin na IPM tool ay ang AESA o "agroecosystem analysis" na ginagamit sa FFS o Farmers' Field School.
2. Maibigay ang lahat ng mga alternatibong solusyon at pamamaraan na maaaring gawin tulad ng kultural na pamamaraan, paggamit ng matibay na binhi, mekanikal o pisikal, biyolohikal o paggamit ng mga kaibigang kulisap, halamang gamot , atbp.
3. Ang pamamahala ng peste ay nakabase sa relasyon ng iba't-ibang element sa isang ecosystem (hal. dami ng likas o natural na kaaway at peste sa taniman. Upang maisakatuparan ito, kailangang magamit ang ilang mga nabanggit na alternatibong teknolohiya sa pamamahala ng peste at tamang pagdedesisyon ng magsasaka gamit ang ilang IPM tool.

4. Sa pamamagitan ng IPM, mababawasan ang malaking gastos sa produksyon ng mga magsasaka dahil sa kabawasan sa paggamit ng pestisidyo. Mababawasan din ang kapa-hamakang dulot sa kalusugan, pagkamatay ng mga likas na kaaway at polusyon sa kapaligiran.

MGA KONSEPTO AT PRINSIPYO

1. Anumang klase ng insekto, damo o iba pang klaseng hayop ay matatawag na peste kung ito ay hindi angkop sa isang lugar o taniman at nagbibigay ng pinsala sa halaman. Napapaloob sa prinsipyo ng IPM na panatilihin na nasa mababang antas ang pinsala ng mga nasabing peste (below economic damaging level).
2. Ang bawat miyembro ng "ecosystem" ay binibigyang halaga para sa wastong pamamahala ng peste. Pinagtutuunang pansin sa IPM ang pag-iwas at pagpapababa ng kapa-hamakang maaaring maidulot sa ating kapaligiran.
3. Ang biyolohikal na pagkontrol ay isa sa mga pangunahing estratehiya sa IPM. Ilan sa mga ito ay ang paggamit ng mga kaibigang kulisap (natural enemies) at parasitiko (parasites). Binibigyang halaga ang mga kaibigang kulisap na karaniwang mas marami ang bilang kumpara sa mga pesteng kulisap.

MGA KARAGDAGANG IMPORMASYON UKOL SA IPM

1. Ang pagsugpo o pagpatay sa mga peste gamit ang kemikal na pestisidyo ay isa lamang bahagi ng IPM, subali't ang mga ito ay ginagamit lamang kung lahat ng mga natural na pamamaraan para masugpo ang peste ay nagamit na at di nagging matagumpay kung kaya't kinakailangan ang agyat na lunas.
2. Ang paggamit ng kemikal na pestisidyo ay dapat gawin sa tamang pamamaraan at oras/panahon (proper application and timing).
3. Ang uri ng gagamiting kemikal na pestisidyo ay kinakailangang naaangkop sa klase ng pesteng paggamitan nito. Halimbawa: para sa pesteng insekto— insecticide; amag—fungicide; baktery— copper-based fungicides; hanip o mites— miticide; mollusks—molluscides.
4. Sundin rekomendasyon sa etiketa ng pestisidyo. Siguruhing tama ang timpla ng kemikal at dalas ng pagbomba. Gumamit din ng pamproteksyon sa katawan sa tuwing magbobomba upang maiwasan pinsalang maaring maidulot nito sa tao at sa kapaligiran.